

Borador pa lamang. Maaaring komentuhan.

Mga Morposintaktikong Katangian ng Tagalog na Sinasalita sa Morong, Rizal

Unang Pambansang Kumperensiya sa Kasaysayan at Pamanang Bayan ng Lalawigan ng Rizal

Bukluran sa Kasaysayan at Pamanang Bayan ng Lalawigan ng Rizal

Huwebes, Ika-1 ng Setyembre, 2022 | 9:00 n.u.-12:00 n.t. | Online

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay sumisiyasat sa mga katangian ng morposintaks o pagbuo sa mga salita at pangungusap sa Tagalog na sinasalita sa bayan ng Morong, lalawigan ng Rizal. Sa mga naunang pag-aaral na nagtampok sa Tagalog Morong at iba pang mga varayti ng Tagalog sa Rizal, pinagtuunan ng pansin ang mga antas ng ponolohiya o mga tunog ng wika at leksikon o mga salita ng wika. Apat (4) na partikular na aspekto ng gramatika ng Morong Tagalog ang aanalisahin sa papel na ito:

- 1.) positibong pormang *pinimiran ng* at superlatibong pormang *pinakang*;
- 2.) pananong na *at ano?*;
- 3.) mga pormang imperatibo o pautos; at
- 4.) pagkiling sa mga preposed na panghalip, hal., *iyong alulor* versus *alulor mo*.

Sa pagtingin sa mga partikular na halimbawang ito, inihahambing at itinatambis ang Tagalog Morong sa mga varayti ng Tagalog na sinasalita sa iba pang mga karatig-bayan ng Rizal, mga diyalekto ng Tagalog sa iba pang mga lalawigan sa Timog Katagalugan, at sa iba pang mga wikang Bisayan at Bikol.

Mga susing salita: *Tagalog Morong, diyalektolohiya, morposintaks*

ISO 639-3 language codes: tgl

Panimula

Tatalakayin ko sa papel na ito ang ilang mga katangiang morposintaktiko ng Tagalog na sinasalita sa bayan ng Morong, lalawigan ng Rizal. Sa lingguwistika, ang MORPOSINTAKS ay sumasaklaw sa kung paano bumubuo ng mga salita, parirala, at pangungusap ang wika.

Ang mga naunang pag-aaral na tumalakay sa mga varayti ng Tagalog sa Rizal ay pawang nagtuon ng pansin sa antas ng PONOLOHIYA o mga tunog ng wika (Paz, 1994a, 1994b), LEKSIKON o mga salita ng wika (Tiamson, 1970; Paz, 1994a, 1994b; Santiago, 2013), at maging INTONASYON o iyong kung tawagin ay *puntó* (Santiago, 2014). Mahalagang sanggunian din ang disertasyon ni Peneyra (2003) na bumuo ng mga rekonstruksiyon ng ilang mga berbal na panlapi at salita sa Pre-Tagalog o ang ipinagpapalagay na naunang estado ng Tagalog.

Nais kong linawin na ang mga tatalakayin kong estruktura at pormasyon ng pangungusap ay nagmula sa datos na aking nakalap noong taong 2012 sa mga residente at aking sariling mga kapamilya sa Morong. Mataas ang tsansang matatagpuan din ang mga estruktura at pormasyong ito sa pananalita ng mga taga-Teresa, Baras, Tanay, at Cardona sapagkat nabibilang din sila sa tinatawag ni Consuelo J. Paz na R_1 , isa sa dalawang ERYANG RELIK na tinukoy niya sa Rizal (Paz, 1994a, 1994b). Ang isang eryang relik ay lugar kung saan napanatili ang naunang hitsura ng wika at hindi naapektuhan ng mga pagbabago sa wika ng mga nakapaligid na lugar. Maaaring hindi eksklusibong Morongueño ang mga ibabahagi ko sa pag-aaral na ito. Maaari pa ngang marinig ang mga katangiang ito sa ibang bayan ng Rizal at baka sa iba pang mga lalawigang Tagalog.

Positibong Pormang *Pinimiran ng* at Superlatibong Pormang *Pinakang*

Tampok sa Tagalog ng mga Morongueño (at marahil din sa mga taga-Teresa, Baras, Tanay, at Cardona) ang positibong porma ng pang-uri na *pinimiran ng* [pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾan naŋ]. Narito ang ilang mga halimbawa:

- (1) a. ***Pinimiran ng/Pinimirang ganda ni Monique.***
[pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾan naŋ/pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾaŋ gan.'da ni mu.'nik]
pinimiran ng/pinimira=ng ganda ni=Monique
POS GEN/POS=GEN ganda GEN.PER=Monique¹
'Napakaganda ni Monique.'
- b. ***Pinimiran ng/Pinimirang talino ni Joy.***
[pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾan naŋ/ pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾaŋ ta.'li:.nu ni dʒɔj]
pinimiran ng/pinimira=ng talino ni=Joy
POS GEN/POS=GEN talino GEN.PER=Joy
'Napakatalino ni Joy.'

Sa pagsasabing “positibong porma”, inilalarawan ang pormasyon ito bilang modipikasyong nagreresulta sa INTENSIPIKASYON o pagpapasidhi ng katangiang ipinapahayag. Maaari rin namang negatibong katangian ang pasidhiin ng *pinimiran ng*. Halimbawa:

- (2) a. ***Pinimiran ng/Pinimirang ganit***
[pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾan naŋ/pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾaŋ 'ga:.nit/ 'ga:.nejt]
pinimiran ng/pinimira=ng ganit
- b. ***Pinimiran ng/ Pinimirang ruag***
[pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾan naŋ/pɪ.nɪ.'mɪ:.ɾaŋ 'ru:.ʔag]
pinimiran ng/pinimira=ng ruag

Kung alam ng ilan sa ating mga tagapakinig/nanonood ang kahulugan ng mga salitang *ganit* at *ruag*, mangyaring ilagay lamang ito sa mga komento sa Zoom o sa livestream. Maaaring itumbas ang *pinimiran ng* sa mga intensibong konstruksiyong *ubod ng/saksakan ng/nuknukan ng/pagka-*

¹ Sa papel na ito, ang mga halimbawang Tagalog Morong lamang ang binigyan ng transkripsiyon sa pamamagitan ng International Phonetic Alphabet (IPA) upang maitampok ang kanilang aktuwal na bigkas. Sila at ang mga halimbawa mula sa iba pang mga varayti at wika ay binigyan din ng anotasyon batay sa mga kumbensiyong inihain nina Balthasar Bickel, Bernard Comrie, at Martin Haspelmath sa *Leipzig Glossing Rules* (2015). Makikita sa duluhang bahagi ng papel ang mga simbolo at daglat na ginamit.

Borador pa lamang. Maaaring komentuhan.

(*salitang-ugat*)~(*salitang ugat*) sa iba pang mga diyalekto ng Tagalog katulad ng sinasalita sa Kamaynilaan. Katulad din siguro ito ng gamit sa konstruksiyong *gulping* sa Tagalog Marinduque, hal., *gulping itim* ‘ubod ng itim’ (Soberano, 1980, p.189).

Mapapansin din natin ang porma ng SUPERLATIBONG *pinakang* [pɪ.na.'kaŋ] kung saan matatagpuan pa rin ang LINKER o pang-ugnay na =ng [ŋ] sa dulo nito.² Halimbawa:

- (3) a. ***Pinakang*** bata sa magkakapater si Ricky.
[pɪ.na.'kaŋ 'ba:.ta sa ,mag.ka.ka.pa.'tɛr si 'rɪ.kɪ]
pinaka=ng=bata sa mag-ka~ka-pater si=Ricky
- b. Si Efren “Bata” Reyes ang ***pinakang*** magaling sa bilyar.
[sɪ ʔɛp.'rɛn 'ba:.ta 'rɛ:.jɛs ʔaŋ pɪ.na.'kaŋ ma.ga.'lɪŋ sa bɪl.'jaɾ]
si=Efren “Bata” Reyes ang=**pinaka=ng=**ma-galing sa=bilyar

Sa karamihan ng mga tagapagsalita ng Tagalog sa Kamaynilaan (o maging sa iba pang mga pook sa Rizal at iba pang lalawigan), madalas ay hindi na binibigkas ang pang-ugnay sa hulihan. Halimbawa, kung sasabihin sa paraang “Greater Manila” (Paz, 1994a, 1994b) ang mga pangungusap na 3a. at 3b.:

- (4) a. ***Pinakabata*** sa magkakapatid si Ricky.
[pɪ.na.ka.'ba:.ta sa mag.ka.ka.pa.'tɪd si 'rɪ.kɪ]
pinaka-bata sa mag-ka~ka-patid si=Ricky
- b. Si Efren “Bata” Reyes ang ***pinakamagaling*** sa bilyar.
[sɪ ʔɛp.'rɛn 'ba:.ta 'rɛ:.jɛs ʔaŋ pɪ.na.ka.ma.ga.'lɪŋ sa bɪl.'jaɾ]
si=Efren “Bata” Reyes ang=**pinaka=**ma-galing sa=bilyar

Pananong na *At Ano?*

May natatangi ring pormasyon ang Tagalog Morong sa salitang pananong na *bakit* o iyong pormang INTEROGATIBONG humihingi ng dahilan. Ang naoobserbahan nating porma sa Tagalog Morong ay *at ano* [ʔa.ta.'nɔ]. Narito ang ilang mga halimbawa:

² Ang buong porma ng pang-ugnay ay *na* [na].

- (5) a. **At ano't pinalalamig ninyo 'yung plastik sa ref!?**
[ʔa.ta.'nut pi.na.'la:la.miɡ ni.n.'ju juŋ plas.'tejk sa rep]
at=ano=(a)t p<in>a-la~lamig ninyo (i)yon=ng plastik sa=ref
CONJ=Q=CONJ CAUS<TR>-PROG~lamig 2PL.GEN DEM.DIST=LNK plastik OBL=ref
'Bakit ninyo pinapalamig 'yung plastik sa ref!?'
- b. **At ano't uulik-ulik ka riyon sa karsada?**
[ʔa.ta.'nut ʔu.ʔu.'lek.'ʔu.'lek ka 'ri:jan sa kar.'sa:da]
at=ano=(a)t u~ulik~ulik ka riyon sa=karsada
CONJ=Q=CONJ REP~paroo't.parito 2SG.ABS DEM.MED OBL=kalsada
'Bakit ka paroo't parito diyon sa karsada?'

Mapapansin ang estratehiya ng pagtatambal o COMPOUNDING ng isang CONJUNCTION na *at* at ng isa pang salitang pananong na *ano*. Sa Tagalog, karaniwang ginagamit ang *ano* sa paghingi ng impormasyon.

May makikita tayong katulad na kaayusan sa mga wikang Bikol kung saan binubuo rin ng isa pang salitang pananong (o bahagi nito) at conjunction o pang-ugnay ang salitang pananong na humihingi ng dahilan.³ Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa mula sa Bikol Sentral (Mintz, 1971, p. 106):

(6) Bikol Sentral

- a. **Áno an binakál ni Romy?**
ano an=b<in>akal ni=Romy
Q ABS=<TR.PFV>buy GEN.PER=Romy
'What did Romy buy?'
- b. **Tá'no ta nagdigdí ka?**
ta=(a)no=ta nag-digdi ka
CONJ=Q=CONJ INTR.PFV-DEIC.PROX 2SG.ABS
'Why did you come here?'

³ Sa katunayan, ang mismong pormang *bakit* ay orihinal na binubuo ng dalawang bahagi: *bakin + at*. Kalaunan ay dumikit na sa naunang salita ang pang-ugnay na *at* kung kaya't nagresulta ito sa mas ginagamit nang pormang *bakit* sa Kamaynilaan at iba pang mga lalawigang Tagalog. May mga pook sa ibang lalawigan sa Timog Katagalugan na gumagamit pa ng *bakin*.

Borador pa lamang. Maaaring komentuhan.

- c. *Nagdigdí akó ta inapód mo akó.*
nag-digdi ako ta <in>apod=mo ako
INTR.PFV-DEIC.PROX 1SG.ABS CONJ <TR.PFV>call=2SG.GEN 1SG.ABS
'I came because you called me.'

Mga Pormang Imperatibo o Pautos

Sa ilang mga diyalekto ng Tagalog sa Marinduque, Batangas, Laguna, Quezon, at Oriental Mindoro, maririnig natin ang mga sumusunod na pormang IMPERATIBO o pautos sa 7b. at 8b.

(Peneyra, 2003, p. 65-66):

- (7) a. *Dalhin (mo/ninyo) ang baldi sa labas.*
dal(a)-hin(=mo/ninyo) ang=baldi sa=labas
dala-TR.IMP(=2SG.GEN/2PL.GEN) ABS=baldi OBL=labas
- b. ***Dalha** ang baldi sa labas.*
dal(a)-ha ang=baldi sa=labas
dala-TR.IMP ABS=baldi OBL=labas
- (8) a. *Takpan (mo/ninyo) ang baldi.*
tak(i)p-an(=mo/ninyo) ang=baldi
takip-APPL(2SG.GEN/2PL.GEN) ABS=baldi
- b. ***Takpi** ang baldi.*
tak(i)p-i ang=baldi
takip-TR.IMP ABS=baldi

Ipinagpapalagay na isa ito sa mga katangian ng “naunang estado ng Tagalog” (Peneyra, 2003, p. 66) na napanatili sa mga diyalekto ng mga naturang lalawigan. Katunayan, maihahambing ang kaayusang ito sa mga imperatibo o pormang pautos din sa mga wikang Bisayan na kapuwa miyembro ng grupo ng mga wikang Central Philippines. Halimbawa:

- (9) Samar-Leyte

palit-á an tinapay!
palit-a an=tinapay
buy-IMP ABS=bread
'Buy the bread!' (Zorc, 1977, p. 126)

- (10) Cebuano

bantay-í qunyáq siyá.
bantay-i ?unya? siya
take.care-IMP PRT 1SG.ABS
'Take good care of her.' (Zorc, 1977, p. 162)

(11) Porohanon

qizáw pag-kuháq-a qan apidábit

?izaw **pag-kuha?-a** ?an=apidabit

PROH STEM-get-IMP ABS=apidabit

'Don't get the affidavit!' (Ibid.)

Base sa datos na aking nakalap, hindi na natin nakikita ang ganitong mga pormang imperatibo/pautos sa Tagalog Morong. Maaaring isa ito sa mga bahagi ng gramatika na tuluyan nang naimpluwensiyahan ng mga pagbabago sa karatig-pook. Pero maaaring sa isang punto ng panahon o sa mga maliliit na sulok ng lalawigan ng Rizal, mayroon pa ring mga pandiwang pautos katulad ng *dalha* at *takpi* sa pananalita ng mga tao.

Pagkiling sa mga Preposed na Panghalip

Panghuli ay nais kong talakayin ang pagkiling sa mga PREPOSED na panghalip sa mga pangungusap sa Tagalog Morong. Sa isang taga-Morong (partikular ang mga matatanda), malamang ay kikilingan niya ang porma ng pangungusap sa 12a. kaysa sa 12b:

(12) a. *Ayusin natin ang **iyong** alulod.*

[?a.'ju:.sin 'na:.tin/ 'na:.tejn ?aŋ 'ʔi:.juŋ ?a.lu.'luɾ]

ayos-in natin ang=**iy**o=ng=alulod

ayos-TR.IPFV 1PL.GEN.INCL ABS=2SG.GEN.PRE=LNK=alulod

b. *Ayusin natin ang alulod **mo**.*

ayos-in natin ang=alulod=**mo**

ayos-TR.IPFV 1PL.GEN.INCL ABS=alulod=2SG.GEN.POST

Ang panghalip na *iy*o ay tinatawag na preposed na katumbas ng panghalip na *mo*. Ibig sabihin, nakapuwesto ang panghalip sa harap ng pangngalang pagmamay-ari o possessed noun. Tingnan pa natin ang karagdagang halimbawa sa (13):

(13) a. *Nanikip ang **aking** ribrib.*

[na.ni.'kep/ na.ni.'kejp ?aŋ 'ʔa:.kiŋ ri.b.'reb/ ri.b.'rejb]

naN-(s)ikip ang=**akin**=ng=ribrib

INTR.PFV.DISTR-sikip ABS=1SG.GEN.EXCL.PRE=LNK=dibdib

b. *Nanikip ang **dibdib** ko.*

naN-(s)ikip ang=dibdib=**ko**

INTR.PFV.DISTR-sikip ABS=dibdib=1SG.GEN.EXCL.POST

Borador pa lamang. Maaaring komentuhan.

Ngayon, hindi natin sinasabing wala sa repertoire o kakayahang komunikatibo ng taga-Morong ang POSTPOSED na porma ng mga panghalip o iyong mga nakapuwesto **pagkatapos** ng pangngalan. Makikita lang natin sa mga halimbawa sa itaas na higit na pinapaboran ang preposed na kaayusan kung ikukumpara sa postposed na kaayusan.

Pagbubuod

Inilahad ko sa papel na ito ang apat (4) na partikular na aspekto ng gramatika ng Tagalog na sinasalita sa bayan ng Morong, lalawigan ng Rizal. Kinilala rin ang pagiging bahagi ng Morong sa tinawag ni Paz (1994a, 1994b) na eryang relik na R_1 na siya ring kinabibilangan ng mga karatig-munisipalidad na Teresa, Baras, Tanay, at Cardona. Ang apat na aspektong gramatikal na tinalakay ay ang mga sumusunod:

- positibong pormang *pinimiran ng* at superlatibong pormang *pinakang*;
- pananong na *at ano?*;
- mga pormang imperatibo o pautos; at
- pagkiling sa mga preposed na panghalip

Ipinakita ko rin ang ilang mga posibleng magkahawig na kaayusan sa iba pang mga diyalekto ng Tagalog (Kamaynilaan, Marinduque, Quezon, Batangas, Laguna, at Oriental Mindoro), at mga pangkat-wikang Bikol at Bisayan na kasama ng Tagalog sa grupong Central Philippines.

Tunay ngang maraming nagpapatangi sa Tagalog Morong. Ngunit, mababakas din ang mga katangiang nag-uugat at naglulugar dito sa mas malawak na lalawigan ng Rizal, Katimugang Luzon, at Sentral Pilipinas.

Mga Sanggunian

Bickel, B., Comrie, B., & Haspelmath, M. (2015). The Leipzig Glossing Rules: Conventions for interlinear morpheme-by-morpheme glosses. Huling sinanggunian noong Ika-29 ng Agosto, 2022 mula sa <https://www.eva.mpg.de/lingua/resources/glossing-rules.php>.

Mintz, M. W. (1971). *Bikol grammar notes*. University of Hawai'i Press.

Paz, C. J. (1994a). Isang Preliminaryong Pag-aaral ng Tagalog sa Rizal. *The Archive: A Journal Dedicated to the Study of Philippine Languages and Dialects*, 10. Lungsod Quezon: Cecilio Lopez Archives of Philippine Languages at ang Philippine Linguistics Circle.

Paz, C. J. (1994b). Ay Hao: Ang Dayalek ng Tagalog sa Rizal. *The Archive: A Journal Dedicated to the Study of Philippine Languages and Dialects*, 10. Lungsod Quezon: Cecilio Lopez Archives of Philippine Languages at ang Philippine Linguistics Circle.

Peneyra, I. U. (2003). Isang Rekonstraksyong Internal ng Tagalog Batay sa mga Piling Dayalek [Disertasyon]. Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham-Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Santiago, V. C. (2013). Mga usáp-usáp: Isang preliminaryong pag-aaral ng Tagalog na sinasalita sa bayan ng Morong, Rizal. Papel na binasa sa Unang Linguistics Paper Colloquium (Di-gradwado). Silid 207, Bulwagang Palma, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Santiago, V. C. (2014). Areal variation in Morong Tagalog: An acoustic phonetic and dialectological approach. Papel na binasa sa Ika-12 Philippine Linguistics Congress, NISMED AVR, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Soberano, R. (1980). The Dialects of Marinduque Tagalog. Sa Wurm, S. A. (pat.) *Pacific Linguistics Series B*(69), Department of Linguistics, School of Pacific Studies, The Australian National University.

Borador pa lamang. Maaaring komentuhan.

Tiamson, L. G. (1970). A Survey of the Linguistic Geography of Six Towns in Rizal (Taytay, Antipolo, Angono, Morong, Baras and Tanay) [Di-limbag na pangmasteradong tesis]. Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Zorc, R. D. (1977). The Bisayan dialects of the Philippines: subgrouping and reconstruction. *Pacific Linguistics, Series C(44)*. The Australian National University.

Mga Simbolo at Daglat

= - clitic boundary	LNK – linker
- - morpheme boundary	MED – medial
. – one-to-many correspondence	OBL – oblique
~ - reduplication	PER – personal
1 – 1st person	PFV – perfective aspect
2 – 2 nd person	PL – plural
GEN – genitive case	POST – postposed
POS – positive form	PRE – preposed
ABS – absolutive case	PROG – progressive
APPL – applicative	PROH – prohibitive
CAUS – causative	PROX – proximal
CONJ – conjunction	PRT – particle
DEIC – deictic	Q – question word
DEM – demonstrative	REP – repetitive
DIST – distal	SG – singular
EXCL – exclusive	STEM – stem-forming affix
INCL – inclusive	TR – transitive
INTR – intransitive	
IPFV – imperfective aspect	